VIC ANGELOU C. NUNEZ
Plaridel, Baybay City, Leyte 6521

Ika-21 ng Agosto, 2023

SHALOM GRACE C. SUGANO
Department Head
Visayas State University

VSU Integrated High School

Visca, Baybay City, Leyte, 6521-A

Magandang araw!

Ako po si Vic Angelou C. Nuñez, nais mag-apply sa inyong tanggapan bilang isang guro sa inyong paaralan. Ang layunin ko po sa pag-apply sa inyong paaralan ay upang mapahusay at mapalawak ang aking mga natutunan, kasanayan at kaalaman na aking natamo, at pagyamanin ang edukasyon na kinakailangan para sa pag-unlad ng isang bata. Ako po`y dalawampu`t apat na taong gulang at kasalukuyang naninirahan sa barangay ng Plaridel, Baybay City, Leyte. Nakapagtapos ng Batsilyer ng Edukasyon sa Visayas State University-Main Campus noong Agosto 12, 2022 sa kursong Edukasyon major in Filipino bilang isang Cum Laude. Isa na rin akong ganap na propesyunal na guro dahil isa ako sa mapalad na nakapasa sa ginanap na *Licensure Examination for Teachers* noong Marso sa taong ito. Naging isa rin akong *substitute teacher* sa St. Vincent Learning Center. Isa sa aking taglay na katangian ay marunong akong makisama sa kapwa ko't sa mga magaaral, may dedikasyon sa gawaing ibinigay, at responsable. Kalakip ng liham na ito ang aking resume at iba pang mga dokumento. Handa po akong magtungo sa inyong tanggapan para sa isang panayam sa oras at petsang nanaisin ninyo.

Lubos na gumagalang,

VIC ANGELOU C. NUÑEZ
Aplikante